# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-4 ng Disyembre, 2023

## BOBOTO PARA SA PRESIDENTE?
## SIGURADUHING ANG INYONG BALOTA AY MAYROONG OPSYON NA INYONG GUSTO

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng County ng San Diego ay nagpadala ng higit 1.9 milyong postcard sa mga rehistradong botante ng County para ipaalam sa kanila na ang nakarehistro nilang pulitikal na partido ang nagdedetermina kung sinong mga kandidato ng primaryang presidensyal.ang makikita sa kanilang balota sa primaryang eleksyon sa Ika-5 ng Marso, 2024.

Ang mga pulitikal na partido ang magdedesisyon kung sino ang maaaring bumoto para sa kanilang mga kandidato ng primaryang presidensyal. Lahat ng mga rehistradong botante ay nasa ilalim ng dalawang kategorya:

1. **Nakarehistro na may Preperensyang Pulitikal na Partido**

Kung kayo ay nakarehistro sa isa sa anim na mga pulitikal na partido sa California, ang inyong balota ay maililista lamang ang mga kandidato ng partidong iyon ng primaryang presidensyal. Maaari lamang kayo bumoto para sa mga presidensyal na kandidato ng partidong iyon.

Ang mga pulitikal na partido ng California ay ang:

- American Independent Party
- Democratic Party
- Green Party
- Libertarian Party
- Peace and Freedom Party
- Republican Party

Kung ang inyong rehistrasyon ng partido ay iba mula sa partido ng kandidato ng presidensyal na gusto ninyong iboto, kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto sa partidong iyon. Kung nais ninyong palitan ang inyong rehistrasyon ng partido, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nag-aabiso sa inyo na gawin ito bago mag Ika-20 ng Pebrero, 2024.

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-4 ng Disyembre, 2023

2. **Nakarehistro bilang Nonpartisan (kilala din bilang independyente o walang preperensyang partido)**

   Kung kayo ay nakarehistro bilang isang nonpartisan (o walang partido), kayo ay awtomatikong makakatanggap ng nonpartisan na balota para sa Ika-5 ng Marso na eleksyon. Ang inyong nonpartisan na balota **ay walang** nakalistang kontest para sa primaryang presidensyal o mga kandidato.

   Mayroong halos 490,000 mga botante na nakarehistro bilang nonpartisan sa County ng San Diego. Kung isa kayo sa kanila, maaari kayong gumawa ng hakbang ngayon upang makaboto para sa presidensyal na kandidato sa primarya.

   Bilang isang nonpartisan na botante, maaari kayong pumili ng isa sa tatlong magkakaibang klase ng crossover na balota.

**Mga Pulitikal na Partido na Nagpapahintulot sa mga Nonpartisan na Botante na Mag-crossover:**

Sa taong ito ang **American Independent Party**, **Democratic Party**, at **Libertarian Party ay** nagpapahintulot sa mga nonpartisan na botante na makibahagi sa kanilang mga presidensyal na primaryang eleksyon.

Ang mga nonpartisan na botante ay dapat humiling ng isa sa tatlong mga balota ng partido upang makaboto para sa kandidato ng primaryang presidensyal. Ang pagpili ng isa sa tatlong mga balota ng pulitikal na partidong iyon **ay hindi** magrerehistro sa inyo sa partidong iyon. Kayo ay mananatili bilang isang nonpartisan na botante.

Kung kayo ay isang nonpartisan na botante, kayo ay makakatanggap agad ng isang postcard na kung saan tatanungin kayo ng opisina ng Tagapagrehistro na ipagbigay-alam sa kanila ang inyong napiling balota ng crossover na partido bago ang Ika-5 ng Enero, para ito ay maisama sa unang pagpapakoreo ng mga balota na lalabas sa linggo ng Ika-4 ng Pebrero.

Maaari din ninyong kumpletuhin ang porma ng hiling ng nonpartisan na pulitikal na partido ng crossover na makikita sa sdvote.com o bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-4 ng Disyembre, 2023

**Mga Pulitikal na Partidong HINDI Nagpapahintulot sa mga Nonpartisan na Botante na Mag-crossover**

Ngayon taon, ang **Green Party**, **Peace at Freedom Party**, at **Republican Party** ay isinara ang kanilang primaryang presidensyal sa mga nonpartisan na botante.

Ang mga nonpartisan na botante **ay hindi** pwedeng pumili ng isa sa mga balotang ito. Ang mga nonpartisan na botante na nagnanais ng isa sa mga balota ng partidong ito ay kakailanganing magparehistro muli sa partidong iyon.

Ito ay maisasagawa sa pagkumpleto ng bagong rehistrasyon ng botante sa online.

Anuman ang inyong preperensyang partido, lahat ng mga rehistradong botante ay pahihintulutang makaboto sa mga kontest ng nonpartisan at mga opisina ng nominado ng botante, gaya ng mga opisina ng U.S. congressional at mga opisina ng state legislative.

Ang dalawang makakakuha ng mataas na boto sa mga kontest ng nominado ng botante ay mag-a-advance sa pangkalahatang eleksyon sa Ika-5 ng Nobyembre.

**Hindi sigurado kung anong pulitikal na partido kayo nakarehistro o kung kayo ba ay nakarehistro para makaboto?**

Maaari ninyong i-check ang inyong rehistrasyon, muling-magprehistro, at magparehistro para makaboto sa sdvote.com.

Hinihikayat kayo ng opisina ng Tagapagrehistro na gawin ito bago ang Ika-20 ng Pebrero upang maiwasan ang pagka-antala at mahahabang pila sa mga vote center.

Matuto nang higit pa tungkol sa paboto sa primaryang presidensyal sa Ika-5 ng Marso sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 or toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-4 ng Disyembre, 2023